Barack Obama
On AAPI Issues

Obama'08
BarackObama.com

Barack Obama sa Mga Issues ng Asian Americans at Pacific Islanders (AAPI)

Equity para sa mga Beteranong Pilipino: Humigit kumulang 250,000 na Pilipinong sundalo ang sumapi at lumaban na kasama ng mga Americanong sundalo noong ikalawang pandaigdigan giyera (World War II). Pero hanggang sa ngayon ay hindi pa nabibigyan ng tamang kaukulan ang sakripisyong ibinigay nila para sa America. Si Obama ay tagapagtangkilik ng Veterans Equity Act of 2007 na magpapatupad ng pangako ng America na bigyan ng recognisyon at tulungan ang mga mamatapang na beteranong Pilipino na ito.

Magukol ng Universal Health Care: Sa ngayon ay may 2.4 milyong Asian Americans na walang health insurance. Bago matapos ang kanyang unang apat na taon bilang presidente ay pinapangako ni Obama na maglagda ng batas na magkakaloob ng mura at mahusay na health insurance na maaring gamitin saan mang lugar sa buong mundo. Sa pamamagitan ng mga makabagong paraan sa sistema ng health care, pagpigil ng sakit at mas maraming kaalaman ang tao tungkol sa kalusugan ay makakatipid ang isang karaniwang pamilya ng hanggang $2,500 bawat taon.

Pahintuin ang Racial Profiling at Kalabanin ang Discrimination: Malaking bahagi ng career ni Obama ay naukol sa pagtigil at pagalis ng anumang uri ng discrimination. Siya ay tumulong upang maging batas sa Illinois State Senate kung paano kilalanin at kalabanin ang racial profiling. Gagamitin niya ang kanyang mga karanasan para makagawa ng mga batas na magtatanggol sa mga minoridad.

Baguhin ang Immigration: Si Obama ay sumusuporta sa pagbabago ng siste ma ng immigration upang maging citizens ang mga walang papel, sa paghigpit ng mga border ng Amerika at sa pag-ayos ng sirang sistema sa immigration. Bilang pangulo ay ipaglalaban niya ang pagbabago ng sistema sa pagbigay ng importansiya sa pagsasama ng pamilya at ang pagpaunlad ng program sa H1-B visa.

Mamuhunan sa Edukasyon: Babaguhin at maglalagay ng pera si Obama sa programa ng No Child Left Behind. Gagawin niyang sagutin ng mga paaralan ang pagturo ng Ingles at ipagpapatuloy niyang ipaglalaban ang pagtaas at pagbabago ng financial aid para sa college.

Mamuhunan sa mga Maliliit na Negosyo: May 1.1 milyon na mga Asian American at Pacific Islanders (AAPI) ang nag-aari ng maliliit na negosyo. Tatangkilikin ni Obama ang mga progr ama ng gobyerno na magbibigay ng tulong sa mga maliliit na negosyante na ito, bigyan sila ng technical na kaalaman at alisin ang discrimination sa pagpapautang.

Learn More about Barack Obama and the AAPI Community at:
aapi.BarackObama.com